

Paunang Salita



Sa dahilang isinilang ang awtor sa sosyo-kultural na espasyo ng mga Muslim sa Filipinas, nása posisyon siyá na isulat ang aklat na ito. Ang paglaki niya sa kapaligirang ito ang nagbigay sa kaniya ng pagkakataóng makíta at maranasan ang mga bagay-bagay. Nanirahan siyá sa mga bahay, nanalangin sa mga mosque, tinamasa ang mga pagkain, naglayág sakay ng bangka, nahiga sa mga banig, at isinuot ang mga damit—lahat ng napapalamutian ng tradisyonal na anyong sining at disenyong Muslim. Ang mga magandang karanasang ito, gayunman ay nabahiran ng masamang alaala ng digmaan at ng pagkakait na ipinataw ng nása sentro ng kapangyarihan sa naiibáng espasyo sa kultura.

Ang aklat na ito ay kultural na pag-aaral sa espasyo—isang pag-aaral sa sining ng espasyong Muslim at pag-aaral ng espasyo sa mga sining, kultura, at lipunan ng mga Muslim sa Filipinas. Bílang pangkalahatang balangkas sa espasyo at bílang batayan ng komparatibong pagsusuri sa espasyo, ang paunang datos sa mga konsepto sa espasyo sa aklat ay sumasaklaw sa ibát ibáng disiplina at pangkulturang kontesktó. Ang konsepto ng espasyo sa mga disiplina, pangkulturang hangganan, at ideolohiya ay sinuri at tinalakay, at sa proseso ay pinatampok ang mahahalagang teorya. Sa pagsasaalang-alang ng pananaw na ito sa espasyo, ang pag-aaral sa espasyo sa aklat ay nakabatay pangunahin na mula sa perspektiba ng mga Muslim, lalo na yaong mula sa timog ng Filipinas.

Ang Islamikong mga prinsipyo sa espasyo ay ginamit upang pumatnubay at maipaliwanag ang kahulugan ng sining at kulturang Muslim kasáma na ang *Tawhid* o ang Islamikong konsepto ng Kaisahang Dibino, Islamikong kosmolohiya, at ang konsepto ng *Khalifa* o ang tao bílang katiwala ng Dibino. Ang *Tawhid* ay itinuturing bílang esensiyal na prinsipyo na malapít na kaugnay ng dalawa pang tuntunin. Sa Islamikong sining at arkitektura, ang prinsipyo ng *Tawhid* ay ipinahahayag sa pamamagitan ng katangiang ng espasyo mulang kawalan hanggang sa pagkasari-sari ng mga elemento na lumilikha ng mga padron na nagpapahiwatig ng pagpapatúloy, kawalang-hanggan, pag-uulit, at simetriya. Gayundin, bílang pagsunod sa Islamikong mga prinsipyo, ang mga anyong sining ay ginagawang abstrakto ay estilizado at ginagawang denaturalisado ang mga

midyum. Ang ganitong mga paraan ng pagpapahayag ay nagtutukóy sa Kalikasan at Mga Katangian ng Dibino.

Kaugnay din ng *Tawhid* ay ang Islamikong kosmolohiya na nababatay sa pagdiriin sa Dibino bílang Nag-iisang Pinagmulan ng lahat ng mga nilaláng at mga bagay sa “hirarkiya” ng pag-iral. Ang isa pang konsepto ay ang *Khalifa* na nagtatakda sa identidad sa tatlong magkakaugnay na personalidad: 1) bílang indibidwal, gaya ng artista o intelektuwal na may mga karapatan at pananagutan, 2) bílang nilaláng sa lipunan na kabílang sa walang-teritoryong panlipunang komunidad ng *Ummah*, at 3) bílang politikal na persona na responsable at maláy sa kaniyang papel sa preserbasyon at pagtataguyod ng *Dar-al-Islam* (espasyo ng Kapayapaan at Katarungan) at ingatan itong di maging *Dar-al-Harb* (Espasyo ng Bisyo, Katiwalian, at Kawalang-katarungan).

Sa pag-aaral na ito, ang pangkalahatang katangian ng Islamikong espasyo, kasáma na ang ibá pang kapahayagan sa espasyo sa lahat ng pangkating etniko ay idiniin at binigyang komentaryo. Ang ibá pang mga katangian ng espasyo na sumasalungat sa batayang sukatán ng Islam ay ipinaliwanag sa pamamagitan ng *addat* o kaugalian, kasaysayan, ekolohiya, at ibá-ibáng paraan ng pagpapakahulugan ng indibidwal at grupo sa paksa.

Ang Islamikong pananaw sa agham panlipunan at mga pagsusuri sa sining ay ginamit upang maunawaan ang konsepto ng mga Muslim sa Filipinas at ang gámit ng espasyo sa kaniláng kultura, sining, at lipunan. Ang pananaw na ito ay sinusuhayan ng mga kaugnay na mga balangkas ng kultura ng Kanluraning agham panlipunan, balangkas pangkaisipan, simbolo, sining, at relihiyon.

Sa pangkalahatan, ang artikulasyon ng konseptong Muslim at ng gámit ng espasyo ay nagsasaalang-alang sa Islamikong estetika, teolohiya, pilosopiya, at symbolismong Sufi. Isa pang pagsasaalang-alang ay ang pananaw sa kasaysayang Muslim kasáma na ang pagkakaibá-ibá ng kultura ng rehiyon, na pinahihintulutan ng Islam sa ilang kalagayan. Ginagabayan ng prinsipyong *Tawhid*, ang mga pag-aangkin sa mga kahulugan ay pinagtibay ng kaalaman ng awtor sa lokal na kultura, at gayundin sa pamamagitan ng ginawang panayam at ribyu ng kaugnay na mga literatura.

Ang mga halimbawa sa arkitektura at sining na tinalakay sa aklat ay ang sumusunod:

1. Estruktura ng *masjid* (mosque) o *langgal*, *torógan*, at ibá pang lokal na tiráhan. Kasáma rin sa grupong ito ang mga tradisyonal na mga bangka.
2. Mga habi gaya ng tradisyonal na tela, nilálang banig, mga kahoy at metal, na dito, disenyon *ukkil* (kurbilinyar) at *siyabit* (heometriko) ay inilalapat.
3. Mga sining na may kuwadrang format, gaya ng *pis siyabit*, *tubao*, at *saputangan*.
4. Mga sining na may pasulóng o pataás na direksiyon na itinuturing na “ang lumilipad na sining ng mga Muslim,” na kabilang ang *burraq*, *sarimanok*, *manuk-manuk*, *naga*, *kurah sambalani*, *panolong*, *jungal lepa*, *sambulayang*, at *panji*.
5. Tradisyonal na mga pinta gaya ng *boras* (nilálang yantok) at *littuk-littukan* o *bulak-bulak* (pinta sa mukha). Ang ilang kontemporaneong Muslim na pinta ay tinalakay din upang makatulong sa higit pang pag-unawa ng mga mambabasa sa pinta ng mga Islam.
6. Mga habi gaya ng *pis siyulatan* (agimat) at *kitab* (banal na aklat) na dito ang kaligrapong Arabe, na may lokal na gamit gaya ng *jawi*, at ibá pang katulad na disenyo ay ipinapahayag.
7. Estilisadong piguratibong anyo na nananatili kasabay ng Islam. Ang mga anyong ito ay mainam na lunsaran ng pagsisiyasat sa epekto ng maling representasyon ng *tawsir* o ang “Islamikong panuntunan laban sa piguratibong anyo.” Kasáma dito ang tao, hayop, at anyong ibon na makikita sa ilang kasangkapan, gaya ng *sunduk* (puntod) at *tadjuk pasung* (palamuti sa bubungan).

Ang kalipunan ng anyong sining na binanggit sa itaas ay magsisilbing paunang gabay sa pagsusuri ng mga halimbawa ng sining. Sa kabuoan, binibigyang diin ang ugnayan ng mga elemento sa espasyo, mga katangian, at kalidad na bumubuo sa anyo ng espasyo.

Sa pagsusuri ng Islamikong espasyo na binanggit dito, ipinaliliwanag na ang mismong abstrakto, metapisikal na suliranin na binalangkas bílang relihiyosong aksiyom ay tumutulong sa mga paraan kung paanong minamalas ng mga Muslim ang kaniláng sarili, ang kaniláng lipunan, at ang mundo sa palibot nilá. Kasabay nitó, mahalaga na suriin ang sosyo-kultural at dominyong politikal na naimpluwensiyahan ng relihiyon at sa paraang ang ibá pang suliranin ay nakaimpluwensiya sa dominyo ng *addat* o lokal na tradisyon.

Bílang pasasalamat, ang paglalathala ng aklat na ito ay naging posible sa tulong ng pondong ipinagkaloob ng Asian Center, Unibersidad